# Pagkabigo

**Kiyo**

Gustong sariwang hangin
Ayaw na mausok
Puro mali ang hari
Hanggang saan patungo
Saglit hingang malalim
Abutin mo yung rurok
Nakatingin sa akin di pepwede na matulog
Gustong gustong bumiyahe
Ibig sabihin dati
Walang usad kahit konti
Ganto nalang ba lagi?
Patay na yung pasyente
Kapag umabot swerte
Thank you Lord ang sabi
Pano si doktora?
Pano na yung bata?
Lagi nalang sa kwarto
Malinis ang kalsada
Wala na yung nagpipiko
Natalo lang sa bunot buong araw na walang kibo
Mali aking akala
Ano ba ang pagkabigo?

Kung hindi makuha ay hahanap nalang
Kung di para sakin hahayaan nalang
Alam ko naman na alam mo na 'tong
Nadarama ko kaya pwede ba ohh pwedeng
Dito ka lang
Dito ka lang
Dito ka lang

Dito, dito ka lang
Idrive ko bisikleta ng diretso pero otso
Habang buhay kakayurin bayaran ang condo
Igib lang ng igib kahit mahirap galing poso
Bigkasin sigaw ng puso kahit wala ka na sa tono
Nasa kamay ko aking oras at pwedeng prumeno
Dati na nagmamatyag ngayon ako ang sentro
Madumi man nag daananan nanatili to na presko
Kung wala tong paraan agad agad mag iimbento

Kung hindi makuha ay hahanap nalang
Kung di para sakin hahayaan nalang
Alam ko naman na alam mo na 'tong
Nadarama ko kaya pwede ba ohh pwedeng
Dito ka lang
Dito ka lang
Dito ka lang

Gigising sa umaga ang araw ay nandyan hihintayin na lumubog
Iniisip kung pano maglaho ng walang pasabi biglaan ka nalang bumulong
Sabi mo sakin ay hindi pa ngayon at
Kailangan lang natin na maghintay
Pagkabigo
Salamat sa pag-ibig mo
Kahit na gaano man kalayo
Hindi naluluma kahit ang dami na ngang nag bago

Malamig halata sa mukha ang pagkatalo
Pipilitin tanawin sa salamin kahit malabo
Kahit na gaano man kalayo
Hindi naluluma kahit ang dami na ngang nag bago
Malamig halata sa mukha ang pagkatalo
Pipilitin tanawin sa salamin kahit malabo

Kung hindi makuha ay hahanap nalang
Kung di para sakin hahayaan nalang
Alam ko naman na alam mo na 'tong
Nadarama ko kaya pwede ba ohh pwedeng
Dito ka lang
Dito ka lang
Dito ka lang

Sabi mo sakin ay hindi pa ngayon at
Kailangan lang natin na maghintay
Pagkabigo
Salamat sa pag-ibig mo


Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!